ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 11| November 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# PANSARILING PAGTATAYA NG KAHUSAYAN SA PAMAMAHAYAG SA WIKANG FILIPINO: ISANG CONVERGENT NA PAG-AARAL

**Mary Roxalie C. Abinsay[1], Mildred P. Galvez [2]**
[1] *Teacher & School Paper Adviser, Bernardo D. Carpio National High School*
[2] *Professor, University of Immaculate Conception*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra24742
**DOI No: 10.36713/epra24742**

## ABSTRAK

*Ang convergent mixed-methods na pag-aaral ay tumalakay sa pagtataya ng kahusayan sa pamamahayag sa Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Rehiyon XI sa pamamagitan ng inangkop na self-assessment questionnaire para sa kwantitatibong bahagi at mga gabay na tanong para sa kwalitatibong bahagi ng pag-aaral. Sa kwantitatibo, 300 mag-aaral na mamamahayag mula sa mga pampublikong paaralan ng rehiyon at 7 kalahok ang sumailalim sa IDI at FGD upang mataya ang antas ng kahusayan sa pamamahayag. Ang pagsusuring kwantitatibo ay gumamit ng Mean, Standard Deviation, One-way ANOVA, at independent t-tests. Lumabas sa resulta na may mataas na antas ng kaalaman sa pamamahayag, pagsulat, paninidigan at matatas sa Wikang Filipino ang mga kalahok. Walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan sa pamamahayag nang sinuri batay sa edad, kasarian, at uri ng paaralan. Habang sa kwalitatibong pagsusuri, lumabas mula thematic analysis at a priori coding ang apat na indicator: Kaalaman, Kahusayan sa Pagsulat, Paninindigan, at Paggamit ng Wikang Filipino na tumugma sa mga resulta ng kwantitatibong bahagi. Nagpakita ng pagsanib at pagkakatugma ng mga resulta mula sa kwantitatibo at kwalitatibong datos. Ang pag-aaral ay nagmungkahi ng mga programa at trainings sa mga mag-aaral upang mapahusay at mahasa pa ang kasanayan sa pamamahayag sa Wikang Filipino.*

**MGA SUSING SALITA:** *Pamamahayag, pansariling pagtataya, mag-aaral, kahusayan, Wikang Filipino.*

## INTRODUKSYON

Sa pangkampus na pamamahayag o *campus journalism* sinasanay ang isang *campus journalist* na maging mahusay sa paghahatid ng balita sa pasulat at pasalitang pamamaraan at kailangan niya ang may malawak na kabatiran sa pansariling kahusayan sa pagmamahayag bilang paghahanda sa sarili na sumabak sa tagisan ng pamamahayag sa mga *school conferences.* Ayon kay Miranda (2023), isa sa mga suliraning maituturing ang kung papaano matukoy at masuri ang antas ng kasanayan at katatasan sa pamamahayag ng bawat *campus journalists* upang magabayan ang pag-unlad at pangangailangan ng mga ito bilang paghahanda sa taunang *press conference*.

Sa Alabama sa bansang USA, nabanggit na ang suliranin ng isang paaralan ang pagpapahusay ng *campus media* sa paghahatid ng balita sa kalapit na komunidad lalo na sa mga *stakeholders* nito (Heath,2019). Habang sa bansang Ukraine (Prinsley at Baranyai, 2015), itinuturing na suliranin ng patnugutan ng paaralan na paunlarin pa ang kahusayan hindi lamang sa indibidwal na gawain maging sa pakikiisa sa kapwa mamamahayag na nawawala na sa mga mag-aaral sa kasalukuyan. Sa Africa naman, isang suliranin ang kawalan ng suporta ng pamahalaan kaya humingi ng tulong ang ahensya ng edukasyon sa UNESCO IPDC (2022) upang mapaigting ang pagpapahusay ng kalidad ng *journalism education* sa mga paaralan sa bansa.

Sa Zambales, isang hamon sa paaralan ang desiminasyon ng impormasyon sa mga kakulangan ng pasilidad at training ng *Campus Journalism* sa paaralan (Albino, 2021). Ganoon din sa isang unibersidad sa Lungsod ng Maynila na ang kakulangan sa pagsasanay ang isa sa mga hamon ng *campus journalist* at pagtugon sa pagsasanay na mayroon sa mga paaralan na may *SPJ o Special Program in Journalism* (Laroya at Limjoco, 2021). Samantalang sa Pampanga naman, suliranin ng isang paaralan ang pasilidad at kakayahan ng patnugutan ng paaralan na mabigyan ng tamang gabay at pagsasanay maging ang mga gurong tagapayo (Miranda, 2021).

Sa isang paaralan sa lungsod ng Davao, nabanggit nina Laya,et al (2013) na isang suliranin ng bawat pangkampus na mamamahayag na maging epektibo ang pagbibigay ng impormasyon sa loob at labas ng kampus kaya nangangailangan nang masusing pagsasanay upang mapahusay ang pamamahayag at mapaunlad ang midyum na ginagamit sa pamamahayag. Dagdag pa sa parehong pag-aaral na nakatuon sa isang kolehiyo sa Lungod ng Davao, nabanggit ni Laroya (2013) na isang mapanghamon na gawaing pampaaralan para sa mga mag-aaral ang mapabilang sa *student publication* sa kadahilanang ito ang siyang magpapanatili sa kaayusan ng *campus* sa pamamagitan ng pag-uulat ng mga iregularidad sa mga patakaran ng paaralan. Sa mga dahilang nabanggit, suliranin ng kolehiyong paaralan na wala ng gustong maging *campus journalist.* Ganoon din ang suliranin sa nabanggit sa pag-aaral ni Hilay, (2022) sa probinsya ng Davao na kung saan ang *campus journalists* sa isang paaralan ay paunti nang paunti

dahil wala nang mahusay sa kasanayan sa pamamahayag ang mga kabataan sa kasalukuyan.

Ang *campus journalism* o pangkampus na pamamahayag ay isang sineseryosong akademikong disiplina at hindi karaniwang pagsasanay sa pagsulat lamang. Naging malinaw ang kahalagahan ng *journalism* sa akademiya sa Pilipinas noong ipatupad ang *R.A. 7079* na kilala bilang *Campus Journalism Act of 1991*. Sa pamamagitan ng batas na ito, nabibigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na sumailalim sa mga *trainings* upang mahasa ang kakayahan sa pagsusulat ng balita at mamulat sa malayang pamamahayag.

Kaya upang mataya ang kahusayan ng bawat *campus journalists*, taunang lalahok sa komperensya ang mga mag-aaral upang makipagtagisan sa iba pa mula sa iba't ibang paaralan. Kinakategorya ang tagisan ayon sa larang ng *journalism* maging ang mag-aaral ay babae o lalaki, paaralan ayon sa lebel (kung sila ay nasa elementarya o hayskul) at midyum na gagamitin kung nasa wikang Ingles o Filipino (Limjuco, 2021). Dito mapapatunayan ang ugnayan na ang kahusayan ng isang mamamahayag ay ayon sa lebel ng kanyang katatasan sa pagsulat at pagpapahayag gamit ang wikang na may katatasan.

Dahil sa taunang press conference, bawat paaralan sa bansa ay kaniya-kaniyang pasinaya at paglulunsad ng mga trainings upang masungkit ang karangalan sa pagiging magaling sa pamamahayag.
Kaya sa pag-aaral na ito nilalayon na mabatid ang kahusayan ng mga mag-aaral na mamamahayag sa pamamagitan ng pagbibigay ng pansariling pagtataya sa mga mag-aaral na maaaring magtaguyod ng isang kapaligiran na angkop para sa paglago at kahusayan sa pamamahayag (Salonga, 2023) na hindi lahat ng paaralan ang gumagawa ng pansariling pagtataya. Sa pamamagitan ng pag-aaral, mababatid at masuri ang antas ng kahusayan at kasanayan sa pagsulat ng mga pangkampus na mamamahayag sa wikang Filipino. Ang resulta ng pananaliksik din ang magiging basehan sa pagbuo ng *intervention programs* o *trainings* na gagamitin sa panghinaharap na gawain sa *campus journalism*.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang layunin ng pag-aaral ay mabatid ang antas ng kahusayan ng mag-aaral sa pamamahayag gamit ang wikang Filipino. Matukoy din ang makabuluhang pagkakaiba ba sa pansariling pagtataya sa kahusayan batay sa edad, kasarian, at uri ng pampublikong paaralan gamit ang *self-assessment questionnaire* ni Miranda, (2021). Isa rin sa layunin ang matukoy ang paninindigan ng mga mag-aaral batay sa pansariling pagtataya sa kahusayan sa pamamahayag at mabigyang-katuturan ang mga pangkatang-baryabol ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa pansariling pagtataya sa kahusayan sa pamamahayag ng wikang Filipino.

Ang mga partisipanteng mag-aaral na mamamahayag ay mula sa mga piling paaralan ng Rehiyon XI. Ang pag-aaral ay parehong gagamit *quantitative* at *qualitative* na pamamaraan upang makalap ang datos at pagsamahin ang parehong uri ng pananaliksik upang patunayan ang mga resulta. Sa huli, naglalayon ang pananaliksik na makabuo ng isang interbensyon o programa na makatutulong sa pagpapahusay pa sa kasanayan ng mga *campus journalist* sa pamamahayag para maihanda ang mga sarili sa taunang *press conference*.

**Katanungan ng Pananaliksik**

Ang pananaliksik ay tumutukoy sa antas ng pansariling pagtataya ng mga mag-aaral sa kahusayan sa pamamahayag gamit ang wikang Filipino. Layunin ng pananaliksik ang masagot ang sumusunod na katanungan:
1. Ano ang antas ng pansariling pagtataya ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pamamahayag sa wikang Filipino sa Rehiyon ng Davao?
2. May makabuluhang pagkakaiba ba sa pansariling pagtataya sa kahusayan batay sa edad, kasarian, at uri ng pampublikong paaralan?
3. Ano ang paninindigan ng mga mag-aaral batay sa pansariling pagtataya sa kahusayan sa pamamahayag ng wikang Filipino?
4.Paano binigyang-katuturan ang mga pangkatang-baryabol ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa pansariling pagtataya sa kahusayan sa pamamahayag ng wikang Filipino?
5.Ano ang resultang nabuo sa paghahambing ng kwantitatibong pag-aaral mula sa kwalitatibong resulta batay sa pansariling kamalayan ng pagtataya sa kahusayan sa pamamahayag sa wikang Filipino?
6. Ano ang interbensiyong mabubuo mula sa resulta ng pag-aaral?

**Rebyu ng mga Kaugnay na Literatura**

Ang bahaging ito ng pag-aaral ay naglalaman ng pagsusuri ng mga kaugnay na literatura at konsepto ukol sa mga baryabol na kasangkot sa pananaliksik. Ang layunin ay magbigay ng komprehensibong pag-unawa at teoretikal na pundasyon para sa mga baryabol na isinusulong sa pag-aaral.

**Pansariling Pagtataya**

Ang terminong *self-assessment* ay umusbong bilang teorya at praktis ng pamamahala mula sa Sikolohiya, kung saan ito ay ginamit sa loob ng balangkas ng Personolohiya, isang agham na tumatalakay sa estruktura ng personalidad ng tao. Ang terminong *self-assessment* na ibig sabihin ay "ang imahe ng kanyang sarili" ay unang ipinanukala ni James noong 1890 sa kanyang aklat na "Fundamentals of Psychology" na nakatuon sa Teorya ng Personalidad na sinuportahan ni Leon, et al (2021) sa parehong pag-aaral ukol sa pagtataya.

Ibinukod ng may-akda ng isang pag-aaral sa bansang Spain na ang pisikal, sosyal, at espiritwal na personalidad at pinag-aralan ang mga nararamdaman at emosyon ng tao na dulot ng mga elementong ito o ang kanyang pansariling pagtataya na hinati niya sa sumusunod na simboliko na: *self-satisfaction* at *self-dissatisfaction*. Simula sa pagtatapos ng ika-20 siglo, ang kategoryang self-assessment bilang "ang imahe ng sarili" ay ipinapatupad sa mga organisasyon na bahagi ng proseso sa pagnenegosyo, at pagganap nito, na may ilang pagbabago. Sa pamamagitan ng pagsasailalim sa pansariling pagtataya, nababatid ng isang indibidwal ang kaniyang mga kahinaan at ang kahusayan sa isang bagay o kakayahan.

Sa isang unibersidad sa bansang Sweden, nagsagawa ng pag-aaral noong taong 2008 tungkol sa pagpapatupad ng pansariling pagtataya sa unibersidad bilang tugon sa pangangailangan na magkamit ng isang tiyak na yugto ng pamamahala ngunit hindi nito maaaring palitan ang buong sistema ng pagsusuri ng organisasyon.
Higit pa rito, ang sistematikong paggamit ng *self-assessment* ay nangangailangan ng integrasyon nito sa kasalukuyang sistema na nagbibigay ng magkakasunod na pagdagdag at pag-usbong ng iba't ibang uri ng pagsusuri sa pagganap ng mas mataas na institusyon ng edukasyon, na naglalaan ng mga saklaw at antas na susuriin sa pagitan nila.

Ang pansariling pagtataya sa konteksto bilang isang deskriptibo at ebalwatibong aksyon na isinagawa ng estudyante kaugnay ng kanyang sariling paggawa at kakayahan sa akademiya nina Brown at Harris (2023). Ang pansariling patataya ay isang "malawak na hanay ng mga mekanismo at teknolohiya kung saan inilalarawan (ibig sabihin, sinusuri) ng mga estudyante at maaaring magbigay ng halaga o kredito (ibig sabihin, ine-evaluate) ang mga katangian ng kanilang sariling mga proseso at produkto sa pagkatuto Panadero et al (2016). Sa punto de bista ng mga doctor ng medisina, ang kasabay na *self-assessment* bilang “ongoing moment-to-moment self-monitoring” ibig sabihin, pagninilay-nilay sa sarili (Epstein et al, 2008).

Ang pansariling pagatataya ay tumutukoy sa kakayahang mapansin ang ating sariling mga aksyon, ang pagkamausisa na suriin ang mga epekto ng mga aksyon na iyon, at ang kahandaang gamitin ang mga obserbasyon na iyon upang mapabuti ang ating mga kilos at pag-iisip sa hinaharap pang mga gawain. Kapag pinagsama, ang mga depinisyon na ito ay sumasaklaw sa pansariling pagtataya ng sariling kakayahan, proseso, at produkto.

**Edad**

Isang mahalagang salik na may mga tanong tungkol sa edad sa mga pananaliksik at *survey* na isinasagawa ang dahilan ay napakahalaga ng mga ito at ito ay kadalasan, ang kaalaman at karanasan ng isang tao sa isang paksa ay naaapektuhan ng kanyang edad. Ito rin marahil ang dahilan kung bakit ang mga tanong tungkol sa saklaw ng edad ay isa sa mga pinakakaraniwang ginagamit na tanong sa demograpiko.

Sa isang pag-aaral nina Weiss et al. (2012), isang *factor* na maituturing ang edad sa antas ng kakayahan ng isang indibidwal na isa sa mga baryabol na binibihyang pansin sa pananaliksik. Naipakita na ng mga naunang pananaliksik ang maraming mga sanhi at epekto ng edad halimbawa, ang pagiging bukas sa mga bagong karanasan at ang hindi masyadong tradisyonal na pananaw ukol sa kasarian ay maaaring magsilbing mga protektibong salik para sa kagalingan ng mga indibidwal na dumaranas ng mahirap at hindi tiyak na paglipat ng edad.

Ganoon din sa pag-aaral nina Cleveland et al. (2017), ang pakiramdam na mas bata ay hindi lamang ang pagbabago sa persepsyon ng pagtanda sa buong buhay. Mayroon ding mga kaugnay na pagbabago patungo sa kabataan sa paraan ng pagtingin ng mga tao sa kanilang hitsura, mga interes, at mga aktibidad na nais nilang gawin. Iminungkahi ng mga iskolar na may iba’t ibang paraan upang mailarawan o maunawaan ang edad ng mga partisipante sa isang pag-aaral, kabilang na ang *functional age* (halimbawa, kalagayan ng kalusugan), *career age* (halimbawa, tagal o panahon sa trabaho at organisasyon), at *psychological* o *subjective age* (halimbawa, kung gaano katanda ang pakiramdam ng isang tao).

Sa huli, ang edad ay isa sa mga baryabol na bahagi ng pananaliksik na isang basehan sa pagpapatibay ng magiging resulta ng pag-aaral na isasagawa. Isa rin ito sa pagkukunan ng datos at magpapatunay sa ugnayan ng malayang baryabol sa isa pang baryabol sa loob ng pananaliksik. Dahil sa pagkakaiba-iba ng karanasan sa buhay ng bawat pangkat ng edad ng mga partisipante, gayundin sa pagbabago ng panlasa at asal ng mga tao habang sila’y tumatanda, napakapalad na isama ang tanong tungkol sa edad sa isang survey (SmartSurvey.com, 2024).

Sa pamamagitan ng paggamit ng angkop na mga tanong upang matukoy ang demograpikong edad ng mga sumagot sa isang survey gamit ang mga saklaw ng edad para sa kaginhawahan at pagkakapare-pareho maaaring makakuha ng mga mahahalagang detalye sa gagawing pagsusuri o pag-aaral. Ito ay makatutulong upang matukoy kung may ugnayan sa pagitan ng edad at ng mga opinyon at ugali ng mga sumasagot.

**Kasarian**

Sa unang tunghay, maaaring sabihin na ang salitang-ugat nitong “ari” ang magtatakda ng primaryang kategorisasyon sa isang tao: kung lalaki ka, may kasariang panlalaki (titi) ka; kung babae ka, may kasariang pambabae (puke) ka. Sa genetics, kung lalaki ka, mayroon kang *XY chromosomes*; kapag babae ka, mayroon kang *XX chromosomes*. Napakadaling ideya ng paggugrupo ito.

Kapag ipinanganak ang isang bata ayon kay Buenaflor (2020), malalaman natin kung lalaki o babae siya sa pamamagitan ng ganitong segregasyon. At hindi lamang iyon—napakamakapangyarihang ideolohiya ang mabubuo nito sa usapin ng identidad.

Gagamitin itong pundamental na pananaw ng mga institusyong panlipunan upang maipalaganap ang konserbatibong pananaw sa usapin ng seksuwalidad. Mangyari pa, ito rin ang pinakapangunahing argumento laban sa mga nagtataguyod ng mga modernong usapin ng nagbabagong estruktura ng mga relasyong panlipunan—sa usapin ng pag-aasawa, kung sino ang dapat na ikinakasal, bakit hindi katanggap-tanggap ang relasyong *same-sex,* konsepto ng pamilya, at iba pa. Mula sa ari, naitataguyod ang patuloy na pamamayagpag sa kaisipang dalawa lamang ang nilikhang tao sa mundo.

Karaniwang ikinokategorya ang *sex* bilang babae o lalaki, ngunit mayroong iba’t ibang anyo at pagpapahayag ng mga biyolohikal na katangiang bumubuo rito. Habang ang *gender* naman ay tumutukoy sa mga panlipunang gampanin, asal, pagpapahayag, at pagkakakilanlan ng mga babae, lalaki, batang babae, batang lalaki, at mga taong may iba’t ibang *gender*

*identity*. Nakaaapekto ito sa kung paano tinitingnan ng mga tao ang kanilang sarili at ang isa't isa, kung paano sila kumikilos at nakikisalamuha, at sa distribusyon ng kapangyarihan at yaman sa lipunan ito ang pagpapakahulugan ng Canadian Institute of Health Reasearch (2023).

Sa *Gender Schema Theory* sa pag-aaral ni Starr (2017), may malaking impluwensiya sa kulturang kinabibilangan ng mga indibidwal lalo na sa nakababata ang pagkakaroon nila ng mga ideya tungkol sa mga tradisyunal na papel na ginagampanan ng bawat kasarian. Naaayon ito sa komunidad na kinalakihan ng isang indibidwal at sa mga paniniwala na kaniyang kinamulatan. Dala-dala niya ito hanggang sa kanyang paglaki at sa kung saan man ito dalahin ng sitwasyon maging ito man lilipat sa ibang bayan o maging sa kaniyang pinapasukang trabaho.

Sa huli, pinapahalagahan ng mananaliksik sa isasagawang pag-aaral na may *gender sensitivity* at sinisiguro ang patas at pagkapantay-pantay na pagturing sa mga partisipanteng kabataan na lalahok sa isasagawang pag-aaral maging ano pa man ang kanilang *gender preference* bilang indibidwal. May maaaring *factor* din na maituturing ang *sex o gender* sa resulta ng gagawing pag-aaral.

**Paaralan**

Ang paaralan ay isang institusyong pang-edukasyon na idinisenyo upang magbigay ng mga kapaligirang angkop sa pagkatuto para sa pagtuturo ng mga estudyante, na sa ilalim ng gabay ng mga guro. Sa mga paaralan ay may sistemang sinusunod, ang mga mag-aaral ay umuusad sa sunud-sunod na mga paaralan na maaaring itinatayo at pinamamahalaan ng pamahalaan o ng mga pribadong organisasyon (Webster, 2023). Naghahandog ng sistematikong pamamaraan sa pagtuturo na kinapapalooban ng mga istratehiya at pedagohiya sa mga mag-aaral na pumapasok sa paaralan.

Nagkakaiba-iba ang tawag sa mga paaralang ito depende sa bansa, ngunit karaniwang kasama rito ang *primary school* o mababang paaralan para sa mga bata, at *secondary school* o mataas na paaralan para sa mga kabataang nakatapos na ng *primary education*. Ang institusyong nagtuturo ng mas mataas na edukasyon ay karaniwang tinatawag na kolehiyo o unibersidad (Bishop et al, 2022). Bukod sa mga pangunahing paaralang ito, maaaring pumasok ang mga mag-aaral sa ilang mga paaralan bago at pagkatapos ng primarya o tinatawag na *elementary* at sekondarya (tinatawag na *middle school* sa U.S.) na edukasyon. Pagkatapos ng sekondarya, maaaring magpatuloy sa unibersidad, *vocational school*, kolehiyo, o *seminary*. Mayroon ding tinatawag na *alternative schools* na gumagamit ng hindi tradisyunal na kurikulum at pamamaraan sa pagtuturo.

Sa Pilipinas, may ilang paaralan ang nagbubukas ng iba't ibang programa para iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral mula sa unang baitang hanggang sa sekondarya. May nakatuon lamang sa isang partikular na larangan, gaya ng paaralan ng sining, isports o di kaya sa *journalism*. Mayroon ding pinapahalagahan ang mga kabataang may espesyal na pangangailangan at kapansanan na programa sa *Special Education*.

May mga paaralan sa bansa lalo na sa hayskul na nagbubukas ng espesyal na klase para sa sining tulad ng *Special Program in the Arts* na kung saan hinahasa ang mga kabataan na may talento sa pag-awit, pagsayaw, pagtugtog ng mga instrument, malikhaing pagsulat, pagpinta, potograpiya at sa *media arts*. Mayroon din nag-*offer* ng *Foreign Languages* at *Special Program in Journalism* na siyang pinagtutuunan ng pansin sa isasagawang pananaliksik kung saan sinasanay sa pinakamakatotohanang paraan ng pamamahayag.

**Pangkampus na Pamamahayag**

Naging malinaw ang kahalagahan ng *journalism* sa akademiya sa Pilipinas noong ipatupad ang *R.A. 7079* na kilala bilang *Campus Journalism Act of 1991* na binigyang-diin sa Seksyon 2 na ang layunin ng pangkampus na pamamahayag ay upang maisulong at palawakin ang etikal na prinsipyo, paunlarin ang kritikal at mapanuring pag-iisip at mapangalagaan ang moral na pangangatwiran at disiplina ng mga kabataang mag-aaral ng bansa.

Ang pagpapatupad ng *R.A.7079* ay pinaigting at ginawang mandatory sa pampubliko at pribadong paaralan sa Pilipinas lalo na sa mga paaralan na may *journalism fees*. Ang campus journalism o pangkampus na pamamahayag ay dapat sineseryosong akademikong disiplina at hindi karaniwang pagsasanay sa pagsulat lamang.

Ang *Campus Journalism* sa pag-aaral ni Avelino (2022) ay may mahalagang papel sa komunidad na kinabibilangan ng paaralan. Ilan sa mga mahahalagang papel na ginagampanan ng *campus press* ay ang paghahatid ng imahe ng paaralan sa komunidad, pagbibigay ng mahahalagang impormasyon sa mga estudyante at guro upang maproseso ang mga isyu ng paaralan.

Sa konteksto ng pangkampus na pamamahayag, ang mga estudyanteng may interes sa pagsusulat, pagbabalita at pagkukwento ay sadiyang pinaglalaanan ng oras at panahon ang pagpapaunlad ng kaniyang kasanayan (Johnson ,2020, Smith et al., 2019,). Dagdag pa dito, ang epektibong pagsasanay ay nagbibigay sa mga kabataang mamamahayag ng sapat na kasanayan at talino upang maging magaling sa *campus journalism*.

Ang *workshops*, *trainings,* at iba pang programa ay nakatutulong sa paglago ng kasanayang teknikal tulad ng pagsulat, *editing*, pakikipanayam at *multimedia production* (James, 2017; Lee & Davis, 2019). Ito ang siyang pundasyon sa bawat pangkampus na mamamahayag na magpapatibay sa kanilang dunong at kasanayan tungo sa kahusayan ng kanilang gawa sa aspekto ng pamamahayag. Kaya isang mainam na pagkakataon na magsagawa ng pananaliksik patungkol sa pangkampus na pamamahayag upang mas matugunan ang pangangailangan at pag-unlad ng mga mamamahayag na mag-aaral.

**Kahusayan sa Pagsulat**
Ang konsepto ng kahusayan ay naging isang mahalagang paksa ng talakayan sa mga nakaraang dekada (Hartley, 2006), na nagdulot ng maraming pag-uusap hinggil sa kahulugan nito. Ipinapanukala ni Quaresma (2011), na mayroong iba't ibang dimensyon ng kahusayan, at matuturing na isang kawili-wiling dulog. Para sa mga may-akdang ito, ang kahusayan ay maaaring sabay-sabay na maunawaan bilang isang sukatan na may kinalaman sa antas ng mga marka na nakuha ng mga mag-aaral, bilang isang konsepto na may kaugnayan na pang-kognitibo, halaga at kakayahan na ipinapasa ng paaralan, bilang isang pagsusuri ng karera habang o pagkatapos ng pag-aaral, o bilang isang aspeto ng pagganap ng iilan o lahat ng mga estudyante sa loob ng isang sistema ng edukasyon.
Ang kasanayan sa pagsusulat ay may mahalagang papel sa pagkatuto ng isang wika dahil ito ay kinakailangan upang suportahan ang akademikong tagumpay ng mga mag-aaral (Aliyu, 2020). Maituturing na isang napakahalagang kasanyan—makrong kasanayan nga naman ang pagsulat tulad ng pagbasa. *Rite of passage* ito, ibig sabihin na kapag marunong o may maayos ang kasanayan sa pagsulat at pagbasa, ikaw ay nabinyagan at maituturing na *literate*. Isang patunay na ang isang indibidwal ay may pinag-aralan at may dunong sa mga bagay sa mundo.

Ang kasanayan sa pagsusulat ay kailangan ng mga mag-aaral lalo na sa isang *campus journalist* (Miranda, 2021) para magamit sa pagpapaunlad ng kanilang linggwistikong kakayahan upang makabuo ng pangunahing ideya, suportahan ang ideya, ibuod ang konsepto ng mga eksperto, magkaroon ng sapat na kaalaman sa pagpili ng diksyon, pagpili ng paksa, bantas, gumawa ng magandang koneksyon sa pagitan ng mga pangungusap, at makahanap ng angkop na mga reperensya.

Malinaw, ang mahusay na pagsulat ay maaaring maglaman ng sopistikadong paglutas ng problema. Iminungkahi nina Bereiter at Scardamalia (2020) na ang mga bihasang manunulat ay kadalasang pinapalalim ang isang gawain sa pagsulat, at gumagamit ng estratehiyang tinatawag nilang knowledge transforming. Ang mga eksperto sa pagsulat ay madalas na nagtatakda ng mga masalimuot na layunin, partikular ang mga layunin sa nilalaman at retorika, na nangangailangan ng sopistikadong paglutas ng problema.

Sa huli,ang isang *campus journalist* na umiikot ang lahat ng gawain sa pagsusulat ng mga artikulong pambalita, lathalain, at scripts kung ito ay nasa larangan ng TV at radio broadcasting ang kahusayan sa pagsusulat ay isang pangangailangan na magdadala sa kanya sa rurok ng tagumpay bilang pangkampus na mamamahayag na lalahok sa mga school conferences at lalaban sa campus journalists mula sa iba't ibang paaralan.

**Wikang Filipino**
Ang wika ay daynamiko at patuloy na nagbabago. Makikita ang ganitong mga pagbabago sa iisang wika kung susuriin ang mga pahayag na siyang ginamit sa magkakaibang mga panahon (Gallego, 2016). Bagamat isang malaking katotohanan na dumaraan sa pagbabago ang anumang wika, naniniwala ang ilan na imposibleng mahuli ang mga pagbabagong ito sa isang punto ng panahon. Hindi tuwirang maituturo ang mismong taong nagdala ng pagbabago sa wika sa kadahilanang kinakailangan ng matagalang panahon upang makita ang konkretong operasyon ng mga partikular na pagbabagong sinusubaybayan.

Sa pangkalahatang tungkulin ng wika ayon kay Dell Hymes, ay isang kasangkapan para sa komunikasyon. Ang wika ay isang mahalagang kasangkapan para sa buhay ng tao. Gayunpaman, tandaan na ang wika ay may iba pang mga tungkulin, maaaring gamitin ang wika upang suportahan ang ating isipan na magpahayag. Ang bawat isa ay may iba't ibang layunin sa paggamit ng wika. Sa kasong ito, ang wika ay may iba't ibang mga tungkulin batay sa gumagamit ng wika.

Malinaw na ang wika ay isang mahalagang instrumento na ginagamit upang maiparating ang ating mga saloobin at kaisipan. Ito ay hindi lamang isang paraan ng pakikipag-usap sa kapwa, kundi ginagamit din ito upang makipagtalakayan, makipag-ugnayan at makapagbahagi ng opinyon, ideya, damdamin at kaalaman sa kapwa tao. Sa buong kasaysayan, maraming mga bagay, sitwasyon at pangyayari na tumutukoy sa kahalagahan ng wika sa mga tao,sa kapaligiran at higit lalo na sa bansa (Esclares at Limpot, 2025). Kaya maituturing na isang yaman ng isang lahi na magkaroon ng sariling wika upang mas mapadali ang pakikipag-ugnayan at magkaroon ng identidad.

Nakapaloob sa Konstitusyon ng 1987, makikita sa Artikulo XIV, Sek. 6., ang pagtatalaga ng Wikang Filipino bilang Wikang Pambansa ng Pilipinas. Sinasabi din sa artikulo na alinsunod sa mga tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasiya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa Sistemang pang-edukasyon ayon sa 1987 Constitution.

Sa huli, ang wikang Filipino tulad ng sa alinmang wika sa buong mundo ay nagkikipagtunggali sa pagbabago, nakikiayon sa daloy ng globalisayon at umuunlad tulad ng alinmang bagay sa kasalukuyang daigdig. Ang tanging magagawa ng isang lipi upang mapanatili ang sariling wika ay dapat itong patuloy na gamitin, paunlarin, at alagaan dahil ito ang nagsisilbing pagkakakinlanlan ng isang bansa.

## METODO
**Disenyo**
Ginamit sa pananaliksik na ito ang *mixed methods*, lalo ang *convergent design*. Ang *mixed methods* ay isang uri ng pananaliksik kung saan pinagsasama ng mananaliksik ang kwantitatibo at kwalitatibo na datos upang magbigay ng masusing pagsusuri sa paksa ng pananaliksik. Sa pamamaraang ito, nangalap ang mananaliksik ng dalawang uri ng datos sa halos sabay na pamamaraan at pagkatapos ay pagsamahin ang mga ito upang makuha ang kabuuang mga resulta, na nagbigay ng matibay na balangkas para sa pagsusuri ng mga kinalabasan at interpretasyon (Creswell & Plano-Clark, 2011; Mason, 2006).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 11| November 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Partisipante ng Pag-aaral**
Ang mga partisipante ng pag-aaral ay ang mga mag-aaral na mamamahayag sa mga piling pampublikong paaralan sa rehiyon ng Davao. May kabuoang 300 na mga campsu journalists sa bawat sekondaryang paaralan ang lalahok sa pananaliksik na pinagpaalam at sumusnod sa protocol ng Kagawaran ng Edukasyon sa Rehiyon XI.

Sa bahagi ng kwantitatibong pananaliksik, mayroong 300 *student journalist* mula sa mga sekundaryang paaralan sa Rehiyon XI ang lumahok sa pag-aaral na ito para sa kwantitatibong survey. Sila ay pinili gamit ang *stratified random sampling technique*. Ang teknik na ito ay nakakamit ang isang *homogenous* na *sample* kung saan ang mga yunit nito ay mayroong parehong mga katangian o mga katangiang taglay at gagamit ng Raosoft Calculator sa pag-aanalisa ng numerikong datos (Baltes & Ralph, 2022).

Sa bahagi ng kwalitatibo, may kabuuang 10 kalahok ang kasali sa pag-aaral, ang mga kalahok na ito ay nagkumpirma at lumahok sa in-depth interview (IDI) at 7 lumahok sa focus group discussions (FGD). Para sa IDI at FGD, ang mga sumusunod na pamantayan ay isinagawa: ang mga mag-aaral na mamamahayag ay opisyal pumapasok o estudyante ng paaralan na napili. Ang mga respondente ang tutukoy sa antas ng kahusayan sa pamamahayag gamit ang *self-assessment questionnaire*.

**Pangangalap ng mga Datos**
Ang pangangalap ng parehong kwantitatibo at kwalitatibo na datos ay isinagawa nang sabay. Isinagawa ng mananaliksik ang ilang mga hakbang sa pagsasagawa ng pag-aaral tulad ng mga sumusunod: nagpadala ang mananaliksik ng liham sa Dekana ng *UIC - Graduate School* upang humingi ng pahintulot na isagawa ang pag-aaral. Pagkatanggap ng pag-apruba sa liham ng pahintulot, isinumite ang proposal para sa pagsusuri sa *University of the Immaculate Conception Research Ethics Committee (UIC-REC*) upang suriin ang etikal na kaligiran ng papel.

Pagkatapos ng pagsusuri, nagbigay ang *UIC-REC* ng kopya ng *Ethical Clearance*. Ipinasa ang *endorsement letter* mula sa Dekano nang pormal sa *Department of Education*, Rehiyon XI para sa pahintulot at *endorsement* ng pagsasagawa ng pag-aaral. Pagkatapos makuha ang pag-apruba, ipinasa ng mananaliksik ang liham sa mga *superintendent* ng mga paaralan upang pormal na ipaalam ang tungkol sa pag-aaral. Ang *endorsement letter at approval letter* ay isinumite sa mga district at cluster supervisors at mga punong-guro upang humingi ng iskedyul kung kailan isasagawa ang pangangalap ng data.

Sa pagsagawa ng pag-aaral sa *quantitative phase*, sinusunod ng mananaliksik ang protocol ng Kagawaran ng Edukasyon—Rehiyon XI patungo sa bawat Division Office ng rehiyon patungo sa pamunuan ng bawat paaralan, bago humingi ng pahintulot ang mananaliksik mula sa mga respondente at ipinaalam sa kanila ang buong proseso ng pangangalap ng data at ipinaliwanag ang iba't ibang dimensyon ng etikal na konsiderasyon sa panahon ng pangangalap ng data. Bago ipamahagi ang survey questionnaire, ibinigay ang *informed consent form* sa mga kalahok at ibinalik ito sa mananaliksik bilang patunay ng kanilang pahintulot na isagawa ng mananaliksik ang pag-aaral.

Sa *qualitative phase* ng pag-aaral, magsasagawa ang mananaliksik ng IDI o *in-depth interview* at FGD o *focus group discussion* upang higit pang palakasin ang pag-aaral. Matapos makuha ang kinakailangang pahintulot upang isagawa ang pag-aaral, nagtakda ang mananaliksik ng isang *appointment.* Samantala, bago isagawa ang pag-aaral sa *qualitative phase*, ipinaliwanag at pinaunawaan ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral sa mga kalahok. Bukod dito, ipinaalam sa mga kalahok ang mga posibleng panganib at hindi kumportableng karanasan na maaaring maranasan sa pagsali sa pag-aaral sa pamamagitan ng *informed consent form*. Ngunit binigyang-diin na ang kanilang paglahok sa pag-aaral ay ganap na boluntaryo.

**Pagsusuri ng Datos**
Ang seksyong ito ay nagpapakita ng proseso sa pagsusuri ng kwantitatibo at kwalitatibo na data gamit ang *convergent mixed methods research design*. Ang *quantitative* na data ay isinuri nang hiwalay mula sa *qualitative* na data. Sa quantitative na bahagi, ginamit ng mananaliksik ang mga sumusunod na *statistical treatments* upang suriin at ipaliwanag ang mga data tulad ng: *Mean, Standard Deviation, Pearson Product- Moment Correlation, at Multiple Linear Regression Analysis*.
Para sa kwalitatibong bahagi, Ang mga *open-ended* na tanong ay mangangailangan ng kahong sapat ang laki upang maisulat ang detalyeng nais mong makuha at inaasahang ibibigay ng mga kalahok. Ang pormat para sa *in-depth interview* o *focus group* ay maaaring magkaroon ng iba't ibang anyo (hal., batay sa senaryo, replektibong salaysay, gawain o *task-led*) (Creswell, 2017). Bukod dito, ang sumusunod na pamamaraan ay ginamit para sa tamang pagsusuri at interpretasyon ng mga datos*: Priori Coding* at *Thematic Analysis.*

**Etikal Konsiderasyon**
Ang mga etikal na pamantayan sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito ay lubos na isasaalang-alang ng mananaliksik. Titiyakin ng mananaliksik na ang mga kinakailangang etikal na pamamaraan ay masunod sa pakikitungo sa mga kalahok, pagtukoy sa mga isyung may kaugnayan lamang sa pag-aaral at pagpapanatili ng pagiging kompidensiyal sa magiging resulta ng pananaliksik.

Ang personal na impormasyon na makukuha para sa mga legal at makatwirang dahilan ay alinsunod sa Republic Act No. 10173, na kilala bilang "Data Privacy Act of 2012." Sa madaling salita, ang mga indibidwal ay kailangang magbigay ng pahintulot para magamit ang kanilang datos para sa mga tiyak, malinaw, at legal na layunin. Bukod pa rito, ang mananaliksik ay magsagawa rin ng mga pro-aktibong hakbang upang matiyak na walang ibang hindi awtorisadong partido ang makaka-access sa impormasyon ng mga partisipante at iingatan ang personal na impormasyon ng mga ito.

Bukod dito, ang magiging resulta ay ipapamahag sa lahat ng mga partisipanteng lumahok para sa layunin ng impormasyon at kamalayan na maaaring magamit sa pagpaplano ng pagpapabuti sa paaralan o sa paggawa ng mga programa para sa pagpapaunlad ng pangkampus na pamamahayag.

ISSN (Online): 2455-3662
**EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal**
**Volume: 11| Issue: 11| November 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188**

Lumabas sa talahayan batay sa **edad** na may makabuluhang pagkakaiba sa pangkaraniwang mean na tugon ng mga mag-aaral ayon sa edad para sa *Indicator 1: Kaalaman sa Pamamahayag.* Ang mga mag-aaral na may edad na 13 ang nakapagtala ng pinakamataas na pangkaraniwang mean na 4.54. Mula ito sa bahagi ng talatanungan kung saan tinataya ang antas ng kahusayan sa kaalaman ng mga mag-aaral sa pamamahayag. Nabatid na ang mga mamamahayag na mag-aaral ay nagkaroon na ng isang hitik na kaalaman at karanasan mula sa elementarya kaya lubos itong sumasangay-ayon sa kung sila ba ay may sapat o higit pang kaalaman sa pamamahayag.

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng descriptive statistics ng tugon ng mga mag-aaral batay sa **kasarian**. Ayon sa resulta, ang mga lalaki ay may mean na 4.428 na may standard deviation na 0.556, samantalang ang mga babae ay may mean na 4.347 na may standard deviation na 0.614. Ang parehong pangkat ay may deskriptibong interpretasyon na sumasang-ayon. Ipinapahiwatig ng mga datos na parehong mataas ang antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral, anuman ang kanilang **kasarian**. Bagama't bahagyang mas mataas ang mean ng mga lalaki, ang pagkakaibang ito ay hindi sapat upang masabing may makabuluhang pagkakaiba sa kanilang mga tugon.

**Talahanayan 3.**
**Descriptive Statistics sa Tugon ng Mag-aaral batay sa Kasarian**

| | Group | N | Mean | SD | Descriptive Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|
| Overall Mean | 1 (lalaki) | 102 | 4.428 | 0.556 | Sumasang-ayon |
| | 2 (babae) | 198 | 4.347 | 0.614 | Sumasang-ayon |

**Independent Samples T-Test - Mean Significant Difference of Talahanayan 1 Students' responses according to sex**

| | T | Df | P |
|---|---|---|---|
| Talahanayan D – Mean | 1.117 | 298 | 0.265 |

If p <0.01, there is a significant difference.

Batay sa resulta ng Independent Samples T-Test, ang nakuha na p-value na 0.265 ay mas mataas kaysa sa significance level na 0.01. Dahil dito, tinanggihan ang palaisipang may makabuluhang pagkakaiba sa tugon ng mga mag-aaral batay sa kasarian. Sa kabuuan, ipinapakita ng pagsusuri na ang kasarian ay hindi nakaaapekto sa antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral. Parehong ipinamalas ng mga lalaki at babae ang magkatulad na pananaw o saloobin sa mga pahayag na nasasaad sa talahanayan.

**Talahanayan 4**
**Descriptive Statistics sa Kabuuang Tugon mula sa Mag-aaral ayon sa Uri ng Paaralan**

| | Group | N | Mean | SD | Descriptive Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|
| Overall | 1 (May SPJ) | 225 | 4.352 | 0.604 | Sumasang-ayon |
| | 2 (Walang SPJ) | 75 | 4.443 | 0.565 | Sumasang-ayon |

**Independent Samples T-Test - Mean Significant Difference of Overall Students' responses according to Uri ng Paaralan**

| | T | df | P |
|---|---|---|---|
| Overall – Mean | -1.146 | 298 | 0.253 |

If p <0.01, there is a significant difference.

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng *descriptive statistics* ng kabuuang tugon ng mga mag-aaral ayon sa uri ng paaralan na may Special Program in Journalism (SPJ) at sa walang SPJ. Batay sa resulta, ang mga mag-aaral mula sa mga paaralang may SPJ ay may mean na 4.352 na may standard deviation na 0.604, samantalang ang mga mag-aaral mula sa mga paaralang walang SPJ ay may mean na 4.443 na may standard deviation na 0.565. Parehong may deskriptibong interpretasyon na sumasang-ayon, na nangangahulugang ang dalawang pangkat ay kapwa may mataas na antas ng pagsang-ayon sa mga pahayag sa talatanungan.

Bagaman bahagyang mas mataas ang mean ng mga mag-aaral mula sa mga paaralang walang SPJ, ipinapakita ng resulta na hindi gaanong malaki ang pagkakaibang ito. Upang matukoy kung estadistikong makabuluhang pagkakaiba, isinagawa ang Independent Samples T-Test. Lumabas na ang *p*-value ay 0.253, na mas mataas kaysa sa itinakdang antas ng kahalagahan na 0.01. Dahil dito, walang makabuluhang pagkakaiba sa mga tugon ng mga mag-aaral ayon sa uri ng paaralan. Ibig sabihin, magkatulad ang pananaw ng mga mag-aaral mula sa mga paaralang may SPJ at walang SPJ hinggil sa mga pahayag na sinusukat sa pag-aaral.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng resulta na ang pagkakaroon o kawalan ng Special Program in Journalism (SPJ) ay hindi nakaaapekto sa antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral. Parehong nagpapakita ang dalawang grupo ng positibong pananaw o pagsang-ayon, kaya't maaaring sabihing ang uri ng paaralan ay hindi salik na nagdudulot ng makabuluhang pagkakaiba sa kanilang mga tugon.

## PROPAYL NG PARTISIPANTE

Talahanayan 5
Propayl ng mga Partisipante

| Binalangang Code | Kasarian | Edad | Uri ng Paaralan | Grupo sa Pag-aaral |
|---|---|---|---|---|
| IDI_CJ1 | Lalaki | 17 | Walang SPJ | IDI |
| IDI_CJ2 | Babae | 13 | May SPJ | IDI |
| IDI_CJ3 | Babae | 14 | May SPJ | IDI |
| FGD_CJ4 | Lalaki | 17 | May SPJ | FGD |
| FGD_CJ5 | Lalaki | 14 | May SPJ | FGD |
| FGD_CJ6 | Babae | 16 | Walang SPJ | FGD |
| FGD_CJ7 | Lalaki | 17 | May SPJ | FGD |
| FGD_CJ8 | Lalaki | 15 | May SPJ | FGD |
| FGD_CJ9 | Babae | 15 | Walang SPJ | FGD |
| FGD_CJ10 | Babae | 13 | Walang SPJ | FGD |

Mayroong 10 na kusang-loob na lumahok sa kwalitatibong bahagi ng pag-aaral na ito. Mula sa talahanayan, makikita na may 5 babae at 5 na lalaki; 3 sa kanila ang lumahok sa IDI (In-Depth Interview) at 7 naman ang sumali sa FGD (Focus Group Discussion).

Bukod dito, hiniling sa mga nasabing kalahok na ibahagi ang kanilang mga karanasan bilang mga mamamahayag sa campus at kung paano sila naging mahusay sa kanilang larangan bilang mga mamamahayag. Ibinahagi rin ng mga mag-aaral kung ano ang mga suhestyon upang mapaghusay pa ang kanilang kakayahan sa pamamahayag. Ang mga impormasyong nakuha mula sa mga kalahok ay isinulat sa anyong tekstwal, coded, pinagsama-sama, at inayos ayon sa mga tema.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 11| November 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Paninindigan ng mga mag-aaral batay sa pansariling pagtataya sa kahusayan sa pamamahayag ng Wikang Filipino**

Mula sa ginawang panayam, nabuo ang mga tema na siyang pinagbasehan ng pagsusuri sa mga pahayag galing sa mga partisipante.

**Talahanayan 6**
**Paninindigan ng mga mag-aaral batay sa pansariling pagtataya sa kahusayan sa pamamahayag ng wikang Filipino**

| Mahahalagang Tema (paunang itinatakda) | Pangunahing Kaisipan |
|---|---|
| Kaalaman sa Pamamahayag | Pagpapaunlad sa Pamamagitan ng Training at Pagsasanay |
| | Pagharap sa Hamon ng Terminolohiya at Paggamit ng Teknolohiya |
| | Kaalaman sa Pagsasalin ng Iba't Ibang Sulatin at Asignatura |
| | Paglinang ng Kritikal na Pag-iisip at Organisasyon ng Ideya |
| | Pagpapalawak ng Talasalitaan at Pagpapahusay ng Komunikasyon |
| | Paglinang ng Interes at Pagkilala sa Sariling Kakayahan |
| Kahusayan sa Pagsulat | Masusing Pananaliksik at Pagkuha ng Mahahalagang Impormasyon |
| | Pag-oorganisa ng Ideya at Paggamit ng Outline/Draft |
| | Pagsasaalang-alang sa Mambabasa at Kabuluhan ng Paksa |
| | Pagpapabuti sa Pamamagitan ng Feedback at Pagwawasto |
| | Paglinang ng Interes, Dedikasyon, at Pagpupunyagi |
| | Pagpapakita ng Malikhaing Estilo at Kritikal na Pagsusuri |
| Paninindigan | Pagpili ng Landas Dahil sa Hilig at Pagkakataon |
| | Pagpapalawak ng Kaalaman at Pananaw |
| | Pagpapahayag ng Sarili at Pagiging Boses ng Iba |
| | Pagyakap sa Responsibilidad at Katapatan sa Katotohanan |
| | Pagsuporta at Paghihikayat sa Adhikain ng Pamamahayag |
| | Pagmamalaki at Pagpapahalaga sa Wikang Filipino at Pambansang Pagkakakilanlan |
| Katatasan sa Paggamit ng Wikang Filipino | Kakulangan sa Kahusayan Ngunit May Kumpyansa |
| | Pagkilala sa mga Karaniwang Pagkakamali |
| | Pagsisikap sa Pagpapalawak ng Talasalitaan |
| | Pagsusuri at Pagwawasto sa Sulatin |
| | Gabay mula sa Guro at Kapwa |
| | Pag-unlad mula sa Praktis at Karanasan |

Lumitaw mula sa panayam ang mahahalagang tema at mga pangunahing kaisipan sa ilalim ng Kaalaman sa Pamamahayag na ayon sa mag-aaral ay mas mapapaunlad pa ang kasanayan kung dadagdagan pa ang *trainings* patungkol sa pamamahayag.

Narito ang ilan sa mga pahayag mula sa mga partisipante, *Dahil sa campus journalism at scitech writing na training mas madali na sa akin magsulat ngayon sa aking research dahil may pundasyon na ako sa pagsusulat ng teknikal.* **(FGD_CJ7).** *Bawat aktuwal na pagsusulat ng artikulo ay may bitbit akong bala o sa madaling salita may sapat akong kaalaman upang i-feature ang isang pangyayari o di kaya'y isang tao.* ***(IDI_CJ1)***.

Habang sa panayam tungkol sa antas ng kanilang kasanayan sa pagsulat, lumitaw ang mga kaisipan na makikita sa Talahanayan 6. Narito ang ilang pahayag mula sa mga partisipante*: Gumagawa muna ako ng bullet na naglalaman ng mga importanteng impormasyon na naka base sa mismong kaganapan.* ***(IDI_CJ1).*** *Ang unang isinaalang-alang ko ay ang aking mambabasa kung ang ito ba ay pakikinabangan at napapanahon ba ang isyu na aking tinatalakay sa aking artikulo.* ***(FGD_CJ6).***

Sa bahagi ng panayam tungkol sa Paninindigan ng mga mag-aaral na mamamahayag lumabas ang animna pangunahing kaisipan mula sa mga kasagutan ng mga partisipante. At ito ang ilan sa kanilang pahayag: *Malaki ang epekto ng Campus Journalism sa akin dahil dito ay naging mas mahusay akong sumulat at nakakatulong din ito sa mga aktibidad at mga gawain ko sa iba't-ibang mga subject na kailangan ang writing skill at pag re-report.* ***(IDI_CJ3).*** *Maraming positibong epekto nito sa akin tulad na lamang ng pagpapayabong ng aking pagkatuto sa Wikang Filipino.* ***(IDI_CJ1).***

Sa huling bahagi ng panayam kung saan sinuri ang katatasan sa wikang Filipino at napatunayan na ang mga partisipante ay nangangailangan pa ng karagdagang kaalaman sa wikang Filipino. Gayunman, nag-aaral nang mabuti ang mga mag-aaral upang mapaunlad ang kasanayan sa paggamit ng Filipino. Narito ang ilang pahayag ng mga partisipante: *Dahil sa madalas ng training at pagtuturo ng aming school paper adviser, natutunan ko ang magwasto ng aking grammar.* ***(FGD_CJ6).*** *Ang panonood ng balita at pagbabasa ay nakatutulong sa pagpapalawak ng aking talasalitaan lalo na sa wikang Filipino.* ***(FGD_CJ10).***

**Pinagsamang Presentasyon ng mga Resulta ng Kwantitatibo at Kwalitatibo**

**Pagsasanib-Pagtutugma**

Sa natuklasan hinggil sa likas na katangian ng pagsasanib-pagkakatugma ay nabuo ang mga sumusunod na pangunahing larangan ng pananaliksik. Para sa punto na *antas ng pansariling pagtataya sa kahusayan sa pamamahayag ng wikang Filipino* ayon sa kwantitatibong resulta ang mga tugon ng mga respondente ay may napakataas na marka na palatandaan ng pansariling pagtataya ng kahusayan sa pamamahayag gamit ang Wikang Filipino.

Sa resulta mula sa Kwalitatibong pagsusuri nakikita sa talahanayan na pinagtibay ng mga resulta ng panayam ang

kabuuang mataas na mean score ng pansariling pagtataya sa kahusayan sa pamamahayag ng Wikang Filipino na nasa Talahanayan 1.

Ang katuturan ng mga pangkatang-baryabol sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa pansariling pagtataya sa kahusayan sa pamamahayag ng wikang Filipino. Sa bahagi ito ng talahanayan ay nagpapakita na may katuturan ang edad na pangkatang-baryabol sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa pansariling pagtataya ng kahusayan sa pamamahayag sa Wikang Filipino. Habang sa Kwalitatibong resulta ipinakita ng pagsusuri sa panayam na ang edad at kasarian ng mga mag-aaral ay may mahalagang papel o kaugnayan sa kung paano nila tinitingnan, sinusukat, o nararanasan ang kanilang sariling kakayahan sa pagsusulat o pamamahayag gamit ang wikang Filipino**.**

Sa ibang Kwantitatibong resulta napatunayan na walang katuturan ang kasarian na pangkatang-baryabol sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa pansariling pagtataya sa kahusayan sa pamamahayag ng wikang Filipino, *p-value 0.2648*. Ganoon din sa aspekto kung ang paaralan ba ay may Special Program in Journalism o wala ay walang katuturan ang Uri ng Pampublikong Paaralan na pangkatang-baryabol sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa pansariling pagtataya sa kahusayan sa pamamahayag ng wikang Filipino, *p-value 0.2525.*

Batay sa pagtatasa ng mga mag-aaral, nakita ang iba't ibang antas ng kahusayan sa pamamahayag na maaaring naiimpluwensiyahan ng kasarian at uri ng pampublikong paaralan. Ang mga babae ay kadalasang mas masusi sa pagsusuri, detalyado sa pagtataya, samantalang ang mga lalaki ay mas aktibo sa larangan ng pakikipag-ugnayan, pakikilahok at mas vocal sa pagsasalita.

Dagdag pa rito, ang mga mag-aaral mula sa paaralan na may Special Program in Journalism ay mas exposed sa digital at modernong pamamaraan at adbentahe rin na mayroon silang klase ukol sa pangkampus na pamamahayag, samantalang ang mga mag-aaral na napabilang sa paaralang walang SPJ ay limitado ang access sa materyales at pagsasanay. Dahil dito, kinakailangan ang isang *targeted and inclusive intervention program* upang matiyak na lahat ng mag-aaral na mamamahayag, anuman ang kasarian at uri ng paaralan, ay magkakaroon ng pantay na oportunidad upang mapaunlad ang kanilang kakayahan at maging matatas sa pamamahayag gamit ang Wikang Filipino.

## DISKUSYON

### Antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pamamahayag sa Wikang Filipino

Ipinakita ng mga resulta ng pag-aaral na pansariling pagtataya ng kahusayan ng mga mag-aaral sa kaalamang pamamahayag sa Rehiyon XI ay kapansin-pansin at mababatid sa resulta mula sa dalawang pinagsanib na pamamaraan ng pag-aaral.

Ang natuklasang ito ay sumusuporta sa pag-aaral ni Mangompit (2021), na nagsasaad na lubhang kinakailangan na magsagawa ng pagtatasa sa mga pangangailangan sa pagsasanay ng mga mag-aaral na mamamahayag upang mapalakas at mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsulat ng pamahayagan at iba pang kaugnay na kakayahan na makatutulong sa kanila na maging etikal, responsable, at propesyonal na mga mag-aaral na mamamahayag.

Tulad ng isinasaad sa Campus Journalism Act of 1991 ("RA 7079", 2020). Dagdag pa, sa ginawang pag-aaral ni Avelino (2022) ipinakita na ang mga estudyanteng manunulat na mas bihasa ay mas nakalilikha ng mga mas makabuluhang artikulo sa mga isyu ng pahayagang pangmag-aaral at mas mataas ang kalidad ng kanilang mga akda. Iminumungkahi ng mga resulta ang pagbuo ng isang plano ng aksyon para sa pagpapabuti at pag-upgrade ng mga pahayagang pang mag-aaral upang maging mas angkop at tumutugon sa pangangailangan ng kanilang mga mambabasa.

### Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Kahusayan sa Pamamahayag sa Wikang Filipino ng mga Mag-aaral Batay sa Edad, Kasarian, at Uri ng Paaralan

**Edad.** Sa naging resulta ng pagsusuri batay sa edad ng mga kalahok, walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan sa pamamahayag sa Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Rehiyon XI. Ang resultang ito ay kaayon ng mga natuklasan nina nina Laroya at Limjuco (2021), na ang mga mag-aaral na mas bihasa sa mas murang edad ayon na rin sa taon ng kanilang karanasan at tagal ng kani-kanilang karanasan sa pamamamahayag. Sinasabing ang mga estudyanteng manunulat na mas bihasa ay mas nakakalikha ng mga mas makabuluhang artikulo sa mga isyu ng pahayagang pangkampus at mas mataas ang kalidad ng kanilang mga akda.

**Kasarian.** Sa isang ring pag-aaral patungkol sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat nina Deane, et.al. (2020), ipinaliwanag na wala sa kasarian ang pagiging mahusay sa larangan lalo na sa pakikipagtalastasan. Sadyang mas organisado lamang ang paglalatag ng mga impormasyon ang mga babae kumpara sa mga lalaking kalahok sa pag-aaral. Ganunpaman, ang mga kalalakihan din ay may lohikal na pag-iisip at mas obhektibo sa kanilang pagbibigay ng opinyon o desisyon.

**Uri ng Paaralan.** Ang resulta ay tumutugma sa mga natuklasan ni Patajo (2017) sa kanyang pag-aaral tungkol sa pagpapatupad ng Special Program in Journalism sa mga paaralan. Ang pagkakaroon ng ganitong uri ng programa sa mga paaralan ay isang malaking tulong ang pagpapaunlad ng kasanayan sa pasalita at pasulat na pakikipagtalastasan ng mga kabataan. Nabibigyan din ng SPJ ang mga paaralan ng sapat na trainings hindi lamang ang mga mag-aaral maging ang mga guro na siyang gagabay sa mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto.

### Paninindigan ng mga mag-aaral batay sa pansariling pagtataya sa kahusayan sa pamamahayag ng Wikang Filipino: *A Priori* Themes

**Kaalaman sa Pamamahayag.** Bagaman may ilang kahinaan ang lumabas mula sa pagsusuri tulad ng hindi gaanong pamilyar sa mga terminolohiyang teknikal tulad ng sa balitang isports at sa agham at teknolohiya na ang mga termino ay walang katumbas sa Wikang Filipino. Ganunpaman, napatunayan din

mula sa mga sagot ng kalahok na sila ay nag-aral nang mabuti upang matugunan ang mga hamon at kahinaang ito bilang pangkampus na mamamahayag.

Ang resulta ay kaayon sa pag-aaral na isinagawa nina Laroya at Limjuco (2021) sa kanilang pag-aaral na ang mga estudyanteng manunulat na mas bihasa ay mas nakakalikha ng mga mas makabuluhang artikulo sa mga isyu ng pahayagang pangkampus at mas mataas ang kalidad ng kanilang mga akda.

**Kahusayan sa Pagsulat**. Iilan lamang sa mga kalahok ang may kahirapan sa pagsusulat, may iilang mga terminong hindi batid ngunit nabibigyang ng pagwawasto sa tulong ng gurong tagapayo, mga kasamang mamamahayag at maging sa mga AI application na may kakayahan na magwasto at magturo ng tamang panuto sa mga sulating teknikal. Sa kabuuan, napatunayan na may kahusayan ang mga mag-aaral na mamamahayag sa Rehiyon ng Davao sa pagsulat ng mga artikulo sa pamamahayag.

Sa isang ring pag-aaral patungkol sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat nina Deane, et.al. (2020), nabanggit na magiging epektibong ang pagtuturo sa mga estudyante ng mga kasanayang kinakailangan nila tulad ng pagsulat upang makalikha sila ng iba't ibang uri ng teksto, para sa sari-saring layunin, sa loob ng malawak na hanay ng mga sosyal na konteksto.

Ang pagsusuring ito ay titingin sa mas malawak na pananaw, at dahil dito, inilalarawan ang mahusay na pagsusulat bilang isang masalimuot na gawaing kognitibo, na kinapapalooban ng paglutas ng mga suliranin at paggamit ng mga estratehiya upang makamit ang mga layuning komunikatibo.

**Paninindigan.** Ayon sa naging panayam, karamihan sa mga mag-aaral ay naniniwalang nagbibigay ng sobra sa sapat na kaalaman ang mapabilang sa pangkampus na pamamahayag o patnugutan. At dahil karamihan din sa mga mag-aaral na ito ay nagsimula mula pa noong sila ay nasa elementarya, matatag ang kanilang paninindigan na ang pamamahayag ay hindi lang basta organisasyon na sinasalihan ng isang mag-aaral kung hindi isang pag-aaral at pagsasanay. Ibig sabihin nito, ang mga mag-aaral na tumugon ay may positibong pananaw sa pamahayagang pangkampus.

Sa pag-aaral na ginawa ni Maksl (2020), ang produkto ng mga klase sa *campus journalism* sa mga mataas na paaralan tulad ng pahayagan sa maraming pagkakataon ay hindi na ang pangunahing layunin ng isang programa sa pamahayagang pangkampus. Sa halip, binibigyang-diin nito ang proseso: kung paano nakikilahok at nagtutulungan ang mga estudyante, at ang responsibilidad ng mga guro sa buong taon ng pag-aaral.

**Katatasan sa wikang Filipino.** Kapansin-pansin at mababatid sa resulta sa kwalitatibong pag-aanalisa na bagaman hindi sobrang bihasa ngunit may mataas na kumpyansa ang mga manunulat at may positibong pananaw at ugali na mag-aral pa nang mabuti upang mapahusay ang sarili. Mababatid din mula sa mga kasagutan na ang mga mag-aaral ay tanggap ang kanilang kahinaan ngunit ginagamit nila ito upang paunlarin pa ang kasanayan sa pasulat at pasalitang pamamahayag. Humihingi ng tulong sa kanilang tagapayo at sa iba pang may alam ganoon din sa pagsali ng mga trainings upang mas mahasa ang katatasan nila sa midyum na Filipino.

Sa isang pag-aaral ni Domingo (2021) na natutungkol sa paksang katulad nito, isinalaysay na isang hamon na maituturing sa kasalukayang sistemang pang-edukasyon ang pagkatuto ng Wikang Filipino. Ang pagbaba ng katatasan sa Wikang Pambansa sa kasalukuyan ay isa sa mga suliranin ng paaralan dahil sa malawak na impluwensya ng mga wikang dayuhan sa makabagong panahon.

Ganunpaman, sa isang pag-aaral ni Tagnong (2021), pinagtuunang- pansin ang pagbuo ng programang pampagsasanay upang mapaunlad ang katatasan ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino. Isang natatangi gawain upang maibsan ang mga hamon at balakid tungo sa katatasan ng mga mag-aaral sa pasalita at pasulat na pamamahayag tulad ng isinagawang pag-aaral.

## KONKLUSYON AT REKOMENASYON

### Konklusyon

Pinapahiwatig ayon sa resulta na ang mga mag-aaral na mamamahayag ay may kahusayan sa kaalaman, pagsulat, may paninindigan at katatasan sa paggamit ng Wikang Filipino bilang midyum ng pamamahayag sa Rehiyon XI. Sa bahagi ng kahusayan sa kaalaman kapansin-pansin na may mataas na resulta ayon sa kwantitatibong pagsusuri gayundin sa kwalitatibong pag-aanalisa. Mababatid mula FGD at IDI na naaayon ang kanilang kaalaman depende sa disiplinang pinag-uukulan at mas pinag-aaralan.

Ang mga kwantitatibong natuklasan ng pag-aaral ay higit pang pinatibay ng mga mahahalagang temang lumitaw sa tematikong pagsusuri ng mga kwalitatibong datos. Nagbigay ang mga temang ito ng mas malalim na pag-unawa at konteksto na nakatulong upang maipaliwanag at masuportahan ang mga numerikal na datos. Ang paggamit ng *a priori* na mga tema ay nagsiguro ng pagiging maaasahan at pagkakapare-pareho ng mga resulta, at sa pangkalahatan ay nagpatunay at nagpatibay sa mga natuklasang kwantitatibo ng pag-aaral. Apat na mahahalagang tema ang lumitaw mula sa pag-aaral: *kaalaman sa pamamahayag, husay sa pagsulat, paninindigan, at matatas sa wikang Filipino.*

Pinagtitibay ng mga resulta ng pag-aaral ang mga teorya at proposisyong inilahad sa teoretikal na balangkas na ang teorya ng *social constructivism* na binuo ng isang Soviet psychologist na si Lev Vygotsky (1934). Ang *social constructivism* ay batay sa ideya na ang mga mag-aaral ay bumubuo ng bagong kaalaman. Ang pagbubuo sa bagong kaalaman ay kinabibilangan ng konstruksyon, pag-iimbak o paglalagay ng bagong impormasyon sa alaala, at pagkuha o *retrieval* ng impormasyon.

Sa huli, nang pinagsama ang mga resulta ng kwantitatibo at kwalitatibong datos, natuklasan ang isang nagkakaisa at nagtatagpong ugnayan sa pagitan ng kahusayan sa kaalaman sa pamamahayag, pagsulat, paninindigan at paggamit ng Wikang Filipino.

**Rekomendasyon**
Batay sa mga resulta ng pag-aaral, iminumungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod na rekomendasyon:

Una, mas mainam na gawain sa *campus journalism* ay magpapasinaya ng mga *trainings* at *workshop* na libre o may abot-kayang *registration fee* upang mas mapaigting pa ang pagpapaunlad ng kanilang kaalaman sa pamamahayag. Pangalawa, pagsali sa komperensya ay isang magandang opurtunidad na mahasa ang kasanayan sa pagsulat at magpapatibay ng loob ng isang mag-aaral na mamamahayag. Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga rekomendasyong ito, maitataguyod ng pangkampus na pamamahayag sa bawat paaralan ang mas epektibo at mas suportadong kapaligiran para sa pagkatuto ng bawat mag-aaral.

Ang kahusayan sa pagsulat ng mga artikulo ay may mataas na resulta mula sa kwantitatibong bahagi ng pananaliksik at ang tugon ay lubusang sumasang-ayon ang mga mag-aaral kaya ang ikatlong rekomendayon ay pagsasanay sa pagsulat o *writing workshop* at pagsali sa taunang *press conference* upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat ay iminumungkahi para sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Bahagi rin ng rekomendasyon ng aktwal na pagko-cover ng mga kaganapan sa paaralan at pakikipagtulungan sa mga lokal na himpilan ng midya.

Para sa mga susunod na mananaliksik, iminumungkahi na palawakin pa ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito sa pamamagitan ng pag-aaral sa ibang lebel o pagsisiyasat sa iba pang aspekto ng pangkampus na pamamahayag at paggamit ng wikang Filipino, tulad ng ugnayan nito sa iba pang baryabol gaya ng motibasyon, impluwensiyang kultural, at integrasyon ng teknolohiya.

Maaari rin silang magsagawa ng mga pangmatagalang pag-aaral upang masuri ang matagalang epekto ng pansariling pagtataya sa pamamahayag, o tuklasin ang aplikasyon nito sa iba't ibang pangkat ng mag-aaral, disiplina, o konteksto ng edukasyon. Ang mga ganitong hakbang ay makatutulong upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa pangkampus na pamamahayag at sa mas malawak nitong implikasyon sa larangan ng edukasyon.

## SANGGUNIAN

1. *Albino, F. S. (2021). Employability of Information Technology Education Graduates of President Ramon Magsaysay State University, Castillejos, Zambales from 2015-2020. International Research Journal of Science and Technology. https://doi.org /10.46378 /irjst.2021.020303*
2. *Aliyu, M.M., et.al. (2020). A Problem-based Learning Approach and Its Effects on the Writing Performance of Nigerian Undergraduates Volume 4, Issue 1. International Journal of Language Teaching and Education. https://doi.org/10.22437/ijolte.v4i1.8750*
3. *Avelino, J. (2022). Implementation of the Special Program in Journalism of a Public Secondary School in DepEd Rizal: An Evaluation. DOI: 10.5281/zenodo.7497793*
4. *Baltes, R. at Ralph, P. (2022). Paving the way for mature secondary research: the seven types of literature review. Pages 1632 – 1636. ACM Digital Library. https://doi.org/10.1145/3540250.3560877*
5. *Bereiter, C., at Scardamalia, M. (2020). Knowledge Building and Knowledge Creation. Journal of Technology, Culture, and Education. DOI: 10.30557/QW000028*
6. *Bishop, R. C., et.al. (2022). Emergence in Context: a treatise in twenty first century natural philosophy. Oxford University Press.ISBN:978-0-19-284978-6. DOI:10.1093oso/9780192849786.001.0001*
7. *Brown, G.T.L. at Harris, L.R. (2013). Opportunities and obstacles to consider when using peer- and self-assessment to improve student learning: Case studies into teachers' implementation.Vol.36.https://doi.org/10.1016/j.tate.2013.07.0 08*
8. *Buenaflor, S.H. (2020). Transfer Student Self- Efficacy: A Success Oriented Narrative of the Transfer Student Experience. Community College Journal, vol.47. issue 2.*
9. *Cleveland, J., et al. (2017). Encouraging understanding or increasing prejudices: A cross-sectional survey of institutional influence on health personnel attitudes about refugee claimants' access to health care. doi.org/10.1371/journal.pone.0170910*
10. *Creswell J.W. & Plano Clark, V.L. (2011). Designing and conducting mixed methods research. 2nd ed. Thousand Oaks, CA. DOI:10.1080/17439760.2016.1262619*
11. *Deane, P. (2020). Building and Justifying Interpretations of Texts: A Key Practice in the English Language Arts. Vol.2020, Issue 1. December 2020. Wiley Online Library. DepEd Order No. 46, series 2012 Republic Act No. 7079: The Campus Journalism Act of 1991. Retrieved from: 1987 Philippine Constitution.*
12. *Domingo, N.P. (2021). Panimulang Pag-aaral ng Wikang Filipino sa UCLA: Kasalukuyang Lagay at Direksiyon. Tomo / Vol. IV : 1. ISSN 2718-9759 . Retrieved from: Philippines E-Journal.*
13. *Epstein, S. (2008). Culture and Science/Technology: Rethinking Knowledge, Power, Materiality, and Nature. Vol. 619. https://doi.org/10.1177/0002716208319832*
14. *Gallego, M. D. (2016). Second Life adoption in education: A motivational model based on Uses and Gratifications Theory. Volume 100. Pages 81-93. Science Direct Journal. https://doi.org/10.1016/j.compedu*
15. *Hartley, J. (2006). Reading and writing book reviews across the disciplines. Volume 57, Issue 9. Journal of American Society for Information Science and Technology. https://doi.org/10.1002/asi.20399*
16. *Heath, C. (2019). Goals as Reference Points. Cognitive Psychology Journal volume no.38, https://doi.org/10.1006/cogp.1998.0708*
17. *Hilay, K.M. (2022). The Relationship Between Media Literacy Competency and the Political Stance in Davao Del Norte State College. International Journal of Innovations in Engineering Research and Technology. ISSN: 2394-3696. DOI: 10.17605/OSF.IO/TR3SW*
18. *James, W. (2020, December 11). Understanding of the Pragmatic Theory of Truth: https://doi.org/10.1080/10720537.2020.1727390*
19. *Laroya, J. and Limjuco R. (2021). The Implementation of the Special Program in Journalism of Public Secondary School: A Case Study. Philippine Ejournals. https://ejournals.ph/article.php?id=13165 DOI: 10.5281*

20. *Laya, M. (2013). Campus Journalism Related Factors and Journalistic Merits Student Publications in Selected Tertiary Schools in Davao City. University of Immaculate Conception Research Journal. http://dx.doi.org/10.17158/473*
21. *Leon,S.,et.al. (2021). Pathways between self- concept and academic stress: the role of emotional intelligence and personality among university students. Journal of Further and Higher Education. Vol.4 https://doi.org/10.1080/0309877X.2022.*
22. *Maksl, A., et.al. (2020). Theorizing News Literacy Behaviors. Communication Theory.ISSN. 1050-3293. DOI.10.1093/ct/qtaa005*
23. *Mangompit, R.M.M., et.al. (2021). Examining Perception on Action Research of Basic Education Teachers. volume 9 no.2 doi http://dx.doi.org/10.21462/ijefl.v6i1.344*
24. *Miranda, M. L. (2023). Pupil's Journalistic Capability: Basis for Training Program. Psychology in Education: A Multidisciplinary Journal vol 10. No. 2. https://ejournals.ph/article.php?id=21380 DOI: 10.5281/zenodo.8119837*
25. *Panadero, E. at Jonsson, A. The use of Scoring rubrics for formative assessment purposes revisited: A review.vol.9 https://doi.org/10.1016/j.edurev.2013.01.002*
26. *Patajo, A. M. (2017). Department of Education's Special Program in Journalism [PowerPointslides].Retrieved from http://prezi.com/eyszxygnx/department.am-in-journalism.-of-education-special-program*
27. *Salonga, A. (2023). Queering English language teaching: Insights from teachers in a Philippine state university. Critical Inquiry in Language Studies 20 (4), 360-385. University of the Philippines. https://doi.org/10.1080/15427587.2022*
28. *Scardamalia, M., et.al. (2010). Knowledge building and vocabulary growth over two years, Grades 3 and 4. Instructional Science DOI: 10.1007/s11251-008-9082-5*
29. *Smith, V., et.al. (2019). Limited evidence exists on the effectiveness of education and training interventions on trial recruitment; a systematic review. Volume 113.https://doi.org/10.1016/j.jclinepi.2019.05.013*
30. *Starr, W.B. (2020). A preference semantics for imperatives. Volume 13, 2020. https://doi.org/10.3765/sp.13.6*
31. *Tagnong, R. L. (2021). Katatasan sa Pagsasalita sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Senior High School: Batayan sa Pagbuo ng Programang Pampagsasanay. Retrieved from: West Visayas State University, College of Education, Iloilo City. https://hdl.handle.net/20.500.14353/681*
32. *Vygotsky, L.S. (2021). Pedagogical Works Vol .2: The Problem of Age. Perspective in Cultural-Historical Research 10. Springer Nature. DOI: 10.11621/vsp.2021.04.01*
33. *Webster, T., et.al. (2023). The Affordance and Contradictions of AI- Generated Text for Writers of English as a Second Language. https://doi.org/10.1016/j.jslw.2023.101071*
34. *Weiss, N.H., et al. (2012). Impulsive behaviors as an emotion regulation strategy: Examining associations between PTSD, emotion dysregulation, and impulsive behaviors among substance dependent. https://doi.org/10.1016/j.janxdis.2012.01.007*